

# Chapter One

*T* V News Flash Report: Mister Dinemanda ng Misis dahil sa Gayuma

*Reporter: Hindi akalain ng isang mister na sa kulungan siya magdiriwang ng ika-twenty-fifth wedding anniversary nila ng misis niya. Ito ay sa dahilang siya ay inakusahan ng kanyang ginang ng panggagayuma sa loob ng dalawampu't limang taon nilang pagsasama bilang mag-asawa.*

*Ayon sa balitang ating nakalap, nahuli ng ginang ang kanyang asawa na may nilagay na kahinahinalang likido sa kapeng tinimpla nito para sa kanya.*

*Kapapanayamin po natin si Ginoong Gaspar, ang*

*inakusahan ng panggagayuma ng sariling asawa, dito sa Presinto Dos ng Quezon City Police Station.*

*Reporter (pilit inilulusot ang hawak na microphone sa pagitan ng mga rehas ng kulungan): Sir, totoo po ba ang balita na dinaan n'yo sa gayuma ang inyong misis?*

*Ginoong Gaspar (may takip na tuwalya ang buong mukha nito at ayaw humarap sa cameraman, pero hindi naman ito umalis sa kinauupuan malapit sa mga rehas.): No comment.*

*Reporter (hindi natinag sa pandededma ng in-interview): Ano po bang uri ng gayuma ang ginamit ninyo?*

*Ginoong Gaspar (umiling): No comment.*

*Reporter (na sadyang makulit): Saan n'yo po ba nakuha ang inyong gayuma? Balita namin ay sadyang makamandag daw ang ginamit ninyo. Ano ba iyon?*

*Ginoong Gaspar: (ikinumpas nito ang isang kamay para paalisin ang reporter): No comment nga!*

*Reporter: Isang tanong na lang, sa tingin n'yo ba epektibo ang ipinanggayuma ninyo sa misis ninyo?*

*Ginoong Gaspar (na tuluyan nang nabuwisit): Sabi nang no comment! Lumayas ka na nga, usyusero!*

*Reporter (kakamot-kamot sa ulo): Iyan po ang panayam natin kay Ginoong Gaspar. Ito po si Rey*

*Halang, naghahatid ng balita sa inyo.*

*TV News Anchor: Rey, sandali lang. Bakit mo nasabing panggayuma ang kasalanan ni Ginoong Gaspar kaya siya nakakulong ngayon?*

*Reporter: Dahil iyon ang sanaysay na ibinigay ni Ginang Gaspar nang ipina-blotter niya ang kanyang asawa dito sa Presinto Dos ng QC.*

*Ayon sa reklamo, matapos ang magarbong handaan dahil sa silver anniversary ng dalawa ay napagod si Misis at humingi ng kape kay Mister. Si Mister raw talaga ang tagatimpla ng kape ni Misis simula nang ikasal sila dahil ayon mismo sa huli, napakasarap magtimpla ng kape ang kanyang asawa. Wala raw sa kalingkingan ang Starbucks coffee. Pero sa kasamaang-palad ay nahuli ni Misis na may hinalo itong kakaibang likido sa kape.*

*Ayon sa mga pulis, napilitang umamin si Ginoong Gaspar na may gayuma siyang hinahalo sa inumin upang mapanatili ang pagmamahal ni Misis sa kanya. Takot daw kasi siyang palitan siya ng asawa.*

*TV News Anchor (na parang hati kung maniniwala o hindi): Ganoon ba? Anong uri naman daw ng gayuma ang ginagamit ni Ginoong Gaspar?*

*Reporter (na tumikhim muna bago muling nagsalita. Halatang hindi komportable sa susunod na*

*sasabihin): Ihi raw ni Mister.*

*TV News Anchor (na saglit nawala ang poise):  
Ano?*

*Reporter (pinanatiling deadpan ang reaction ng mukha): Ganoon nga ang nakasaad sa blotter.*

*TV News Anchor (iiling-iling na parang gustong masuka): So, paano naman napatunayan ni Mrs. Gaspar na, uhm... ihi nga iyon? Baka naman vitamins lang? Ano ba iyan?! Mayroon ka bang interview sa kanya? Baka puwede siyang kausapin kahit sandali?*

*Reporter: Pinuntahan namin ang address ng bahay nina Mrs. Gaspar, pero nahuli kami ng dating. Hindi na namin siya inabutan doon. Ayon sa mga kapitbahay ay umuwi na raw ng probinsya at maghahanap doon ng pangontra laban sa gayuma. At kahit ano'ng mangyari ay hindi na rin daw babalikan pa si Mister.*

*TV News Anchor (hindi mapigilan ang sarili): Kawawang mister. Bakit naman kasi kailangan pa niyang gumamit ng kung anu-anong kalokohan? Kung mahal siya ng misis niya, eh, dapat makontento na siya roon.*

*Reporter: Napag-alaman natin na kakaiba ang kuwento ng pag-iibigan nila. Dati raw ay may ibang nobyo si Misis at nagbabalak nang magpakasal ang dalawa. Pero sa hindi maipaliwanag na dahilan*

*ay biglang nagbago ang damdamin ni Mrs. Gaspar para sa dati niyang nobyo. Bigla raw nabaling ang pagmamahal niya para kay Ginoong Gaspar na dayuhan lang sa lugar nila at hindi pa niya gaanong kilala. Hindi raw maintindihan ng ginang kung bakit nagkaganoon ang buong pangyayari. Natagpuan na lang niya ang sariling hulog na ang loob sa asawa.*

*TV News Anchor: Hindi kaya sadya lang siyang na-fall out of love sa dati niyang nobyo? At saka, kung kailan naka-twenty-five years na sila saka siya magdududa sa mister niya?*

*Reporter: Ganoon din ang paniniwala ng iba lalo na iyong mga hindi naniniwala sa gayuma. Pero matigas ang paninindigan ni Mrs. Gaspar. Katunayan na rin ang pagpapakulong at pagpapa-blotter niya sa asawa niya.*

*TV News Anchor (saglit na nag-isip): May batas ba tayo kontra sa mga gayuma?*

*Reporter: Sa huling pagsasaliksik natin ay walang batas na ipinasa sa Senado laban sa gayuma. Pero maraming pangontrang gamot laban doon. Sa katunayan ay makakabili ka ng samu't saring pangontra sa Quiapo sa murang halaga.*

*TV News Anchor (sabay iling at napapalatak): Ang buhay nga naman, sadyang puno ng kababalaghan!*

*Salamat sa ulat mo, Rey Halang.*

“Iyan na nga ba ang sinasabi ko!” palatak ni Trina, sabay pindot ng TV set niya. Sa tuwing nakakarinig siya ng tungkol sa mga gayuma ay kinikilabutan siya.

Simula nang matuto siyang magbasa at magbilang ay naging addict na siya sa mga kuwentong gayuma. Habang nagkakaedad siya ay lalong tumitindi ang interest niya roon kaya naman sagad ang pangingilabot ng mga kalamnan niya sa pinanood na balita.



“Ano ba iyan? Pulos na lang yata kababalaghan ang laman ng utak mo. Sa tuwing pupunta ako rito ay wala kang hawak kundi mga libro tungkol sa mga gayuma. Ngayon naman pati ang walang katuturang mga balita, pinapatulan mo na rin?”

“Oy, Menardo Cruz, kung naparito ka para sirain lang ang araw ko, mabuti pang bumalik ka na lang sa lungga mo,” pagtataray ni Trina sa taong biglang bumulaga sa pinto ng coffee shop niya.

Suki niya ang binata sa kanyang shop. Mahilig itong magkape at may pagka-sweet tooth din dahil paborito nito ang mga pastries na niluluto niya.

Isang subdivision lang sila nakatira at sa pareho pang block. Sa magkabilang kanto ay matatagpuan ang bahay nitong two-storey at ang coffee shop niya na matatagpuan mismo sa loob ng garahe ng bahay ng kanyang Tita Kikay.

Siya ang ginawang caretaker ng matanda sa bahay nito dahil nakabase sa New Zealand ang tiyahin niya kasama ang foreigner na asawa.

At araw-araw simula nang itayo niya ang kapehan niya one year ago ay hindi na pumapaltos si Menard sa pagpunta roon upang magkape.

Malapit na itong maging permanent fixture sa shop ni Trina dahil ginawa na rin nitong opisina ang puwesto niya sa tuwing may transactions ito.

Negosyante ang binata at tubong probinsya ng Albay. Mga handicrafts ang business nito at inexport nito ang mga iyon sa iba't ibang panig ng mundo.

By profession, isa itong interior designer kaya naman ang mga produkto nito ay pawang mga pangdekorasyon na ang material ay gawa sa abaca.

Lumapit ito sa cash registry kung saan ay naroroon siya at ipinatong ang mga braso sa ibabaw ng counter. “Ang aga-aga, init kaagad ng ulo mo.”

Bumuntong-hininga si Trina. “Paanong hindi iinit, eh, hindi ako nilulubayan ng Otto na iyan!” Kahit dis-oras ng gabi ay bisita niya ang foreigner na manliligaw at taga-New Zealand din. Nagkakilala silang dalawa nang isama itong magbakasyon ng tiyahin niya sa bansa last year. Simula noon ay ayaw na siyang tantanan.

“Ah, si Otto, the great lover!”

“Lover ka diyan!” Minsan na niyang naikuwento ang foreigner kay Menard. Simula noon ay alaga na siyang alaskahin nito sa manliligaw niya.

“Sorry, the fervent suitor pala. Sagutin mo na kasi. Kawawa naman ang tao, ang tagal nang nanliligaw sa iyo pero wala pa ring nangyayari.”

Lalong nag-init ang ulo ng dalaga. “Sinabi ko bang ligawan niya ako? Binasted ko na nga siya pero ang kulit pa rin. Ayaw akong tantanan. Ginayuma ko raw siya. Pinagbintangan pa ako ng gago.”

Napangisi ito. “Baka totoo naman. Kasi wala ka nang ibang hawak kundi ang kaalaman tungkol sa mga gayuma. Kahit sino ay magdududa sa iyo.”

“Oy, huwag mong pakikialaman kung ano ang ginagawa ko, okay?” Nagsimula ang addiction niya roon simula nang mambabae ang kanyang ama at gayuma ang idinahilan nito sa pagtataksil sa nanay



nila.

Sa pagsasaliksik niya ay napag-alaman niyang maraming uri ang gayuma. May mga bulong o dasal pang kasama ang mga iyon.

Malimit siyang tuksuhin ni Menard na puwede na niyang gawing sideline ang panggagayuma, pero dinededma niya na lang ang pang-ookray nito.

Hindi kasi ganoon kadalang gawin iyon. Chosen few lang ang puwedeng gumamit niyon. Ayon sa nabasa niya, dapat daw ay *gifted* na tao ang gagamit ng gayuma upang magkabisa at tumalab iyon. Kumbaga, may pagka-psychic.

At hindi ganoon si Trina.

Humalakhak si Menard. “Kung ako sa iyo, bibili ako sa Quiapo ng pangontra at ibigay mo sa kanya.”

“Sinubukan ko na iyan. Pinadala ko pa nga sa New Zealand pero wa epek.”

“Baka peke?”

Nagkibit-balikat siya. “Malay ko.”

Napailing ito. “Naniniwala rin ba sa gayuma ang mga taga-New Zealand?”

“They call it spell. He’s under my spell and I do not know how he’d break free from it. Dito sa atin,

gayuma ang tawag diyan.”

“At naniwala ka naman?” anito.

“At bakit hindi? Hindi na nga niya ako tinitigilan.” katuwiran ng dalaga.

“Ano naman daw ang pinanggayuma mo sa kanya?”

Tila nag-flashback siya. “Malimit ko silang ipagluto noong nagbakasyon sila last year. Baka may nakain siyang something.”

“Ibig mong sabihin, hinaluan mo rin ng wee-wee, ganoon? Baka lahat ng kapeng iniinom ko at mga kinakain ko rito ay may halong *ano*, ha!”

“Tarantado!” Sapol sana sa batok ang Menard kung hindi nakailag. “Ano’ng palagay mo sa akin?”

“Kaya nga nagtatanong ako.”

“Hay!” Muli siyang napabuntong-hininga, sabay tirik ng mga mata. “Tingin ko malapit na akong maloka.”

“Paano kasi mapaniwala ka sa mga kalokohan. Sa panahon ngayon na naglilipana na ang Internet, *Facebook*, *Twitter* at kung anu-ano pa, hindi na uso iyan.”

“Hindi kalokohan ang gayuma,” giit ni Trina.

“Hindi mo ba napanood ang balita kanina? Aber, paano mo mae-explain iyon?”

“Aba’y dapat lang na makalaboso si Mister. Mantakin ba namang haluan ng wee-wee ang kape ni Misis? Kahit ako ang nasa kalagayan ng babae, maghuhuramentado rin ako.”

“Oo na, nakakadiri. Pero totoo iyon!”

Gustong mapantastikuhan ni Menard sa kanya. “Paano mo nasabi? Ginawa mo na, o naranasan mo na?”

Nagkamot siya sa batok. “Naalala ko kasi ang kaklase ko noon sa kolehiyo. Kuwento niya sa akin, iyon daw talaga ang ginagamit na gayuma ng mga taga-roon sa kanila at epektibo daw iyon.”

“Saan naman kayang lugar iyon? Ayokong magawi roon, ’kakatakot.”

“Kitam? Eh, di naniwala ka na ngayon sa akin?”

Umiling ang kausap. “Di pa rin. Kahit na ano pa man iyan, hindi pa rin ako naniniwala sa gayuma. Ang nakakatakot roon ay baka maysakit ang may-ari ng wee-wee na nainom mo.”

Napangiwi ang dalaga sa sinabi nito. Kahit siya ay nandidiri rin pero sa kabila niyon ay malaki pa rin ang paniniwala ni Trina sa mga gayuma.

“Ah, bahala ka sa buhay mo kung ayaw mong maniwala. Basta ako, oo.”

Hinimas nito ang baba. “Ano naman kasi ang ikinaayaw mo kay Otto? Ikaw na mismo ang may sabing guwapo, mayaman, mabait, walang bisyo. O, ayan na, ibinigay na sa iyo si Mr. Right pero ba’t ayaw mo pang sagpangin?” tanong ni Menard na inilahad pa ang isang kamay for emphasis.

Tumingin siya sa kisame. “Ay, naku! Kahit siya pa si Adonis, ayaw pa rin,” aniyang iiling-iling.

“Hirap mong ligawan.” Napakamot sa ulo ang lalaki.

“Hindi ko naman sinabing ligawan niya ako.”

“Hindi nga. Pero parang wala kang puso. Hindi ka man lang maawa sa taong iyon.”

“Sandamakmak man na awa ang ibigay ko sa kanya, hindi pa rin magbabago ang nararamdaman ko. Ayoko pa rin sa kanya.”

“Kapag ayaw tumibok, hindi talaga titibok, hindi ba? Ano ba kasi ang type mo sa mga lalaki?”

“Wala.”

Umabot halos hanggang bumbunan nito ang mga kilay. “Wala?”

“Wala nga.”

“Bakit?” kulit ng binata.

“Anong bakit?”

“Hindi ko maintindihan. Siyempre, babae ka, may damdamin. Alangang wala kang natitipuhang lalaki? Abnormal naman yata iyon.”

Lakas ng iling niya. “Wala nga, eh.”

Natigilan ito. “Ibig mong sabihin, hindi ka pa na-in love kahit isang beses man lang?”

“Ako ang presidente ng samahang *NBSB*.”

Nanlaki ang mga mata ng lalaki. “Lesbian ka ba?” Sunud-sunod na pagmumura na rin ang ginawa nito.

Natawa siya sa reaction nito. Mukha kasing nakalulon ng piso si Menard. “Kailangan ba talagang maging lesbian?”

“Ano nga?! Ang hirap mo namang kausap.”

“Simply put it this way, I am a woman although not interested in men,” tugon ni Trina na tinaasan pa ito ng kilay.

“Man-hater ka, ganoon? May pinagdaanan ka ba?”

“Kung man-hater ako, eh, di matagal na sana

kitang nilason.”

Nawi-weird-uhang napailing na lang ang binata. “Bigyan mo na nga lang ako ng kape at saka cinnamon roll. Nagugutom ako sa pinag-usapan natin. Huwag mong hahaluan ng wee-wee, ha?”

“Sira-ulo!”

Lakas ng tawa nito.

# Chapter Two

“Ang hirap kasing tumanggi.”

“Wala ka namang choice kundi ang magsabi ng totoo sa Tita Kikay mo,” ani Menard matapos isalaysay ni Trina ang problema niya sa binata.

Sinabayan niya ito sa pagmemerienda. Nagutom din siya sa takbo ng pinag-uusapan nila kaya nagkape rin siya.

Ikinuwento niya rito kung paano sila nagkakilala ni Otto at ang pangungulit din ng tiyahin niya na i-petition siya patungong New Zealand kahit na ayaw naman niyang tumira roon.

“Maghihinanakit siya sa akin, sigurado na iyon. Baka sabihin niya ay hindi ako marunong tumanaw ng utang-na-loob.”

Tatlo silang magkakapatid at siya ang bunso at only girl. Ang dalawa niyang kuya ay matagal nang nakapag-migrate sa New Zealand sa tulong ni Tita Kikay at ang asawa noon na si Carlos, isang retiradong Navy officer.

“Hindi naman siguro ganoon kakitid ang pananaw sa buhay ng tiyahin mo. Maiintindihan ka rin basta magpaliwanag ka nang maigi.”

Umiling-iling si Trina. “You don’t know Tita Kikay. May pagka-domineering siyang tao. Gusto niya, siya parati ang nasusunod. Ayaw niyang makinig sa mga paliwanag namin lalo na iyong sa akin.”

“Ano iyon, may lahing Hitler?”

“Siya kasi ang kumupkop sa aming magkakapatid, feeling niya may karapatan siyang manghimasok palagi sa buhay namin.”

Napakunot-noo si Menard. “Bakit niya kayo kinupkop? Ulila na ba kayo sa mga magulang?”

Tumango siya. “Sort of.” Nag-aalanganin siya kung dapat niyang isiwalat dito ang kanyang buhay.



“Ano’ng ibig mong sabihin?”

Pero naisip niya, Menard’s life had been an open book to her, maybe it was time for her to open up to him, too. Simula kasi nang maging magkaibigan silang dalawa ay wala na yatang itinago ang binata sa kanya.

Magaan itong kausap. Hindi mahilig magpaliguy-ligoy. Kumbaga, walang drama sa buhay.

“Buhay pa sila pareho. Ang kaso ay hiwalay silang dalawa. We are products of a broken family dahil sa kagagawan ng tatay ko. Babaero kasi siya. Ginayuma raw siya ng kabit niya at hindi niya alam kung paano makakaalpas sa gayuma. Hindi nakatiis si Nanay, nilayasan niya si Itay. Ang masaklap lang ay sumama si Nanay sa first love niya at iniwan kami. Simula noon ay wala na kaming balita sa kanya.

“Si Tatay naman ay paiba-iba ng love interest hanggang ngayon. Palagi niyang dinadahilan ay ang gayuma. Bata pa lang kaming magkakapatid ay kinupkop na kami ni Tita Kikay dahil nga nagkahiwalay na sila ni Nanay. Doon niya kami pinatira sa lola namin dahil nasa abroad na noon si Tita. Ang tatay naman ay hindi na rin namin maasahan.”

“Kaya ka na-addict sa gayuma?”

Nagkibit-balikat siya sa tanong nito. “Ayokong matulad sa tatay ko.”

“So, ang tiyahin n’yo ang naging surrogate parent ninyo simula noon?”

Tumango si Trina. “Oo. Tandang-tanda ko pa, five years old lang ako noon nang mangyari ang hiwalayan blues nila. Kinabukasan din ay pinag-alsa balutan kami ng lola namin para lumipat sa bahay nila. Simula noon lahat ng kailangan namin ay kay Tita na namin inaasa.”

“Kaya naman pala siya ganoon sa inyo.”

“And I can’t blame her. Malaki rin talaga ang sinakripisyo niya sa aming magkakapatid. Kaso ayoko talagang tumira sa New Zealand.”

“Bakit naman?”

“I like it here.”

“Pero opportunity-wise, mas maganda roon,” katuwiran ni Menard.

Tumango siya. “Tama, pero hindi ko naman kailangan ang yumaman. Kontento na ako sa kung ano ang meron ako.”

“S’abi mo lang iyan dahil wala ka pang pamilya. Tiyak mag-iiba ang pananaw mo sa buhay kapag bago na ang estado mo.”

“Ano ka ba?” Tinampal ni Trina ang balikat nito. “Hindi nga ako mag-aasawa! Okay na itong business ko sa akin. I can survive with what I have.”

“Seryoso ka ba talaga?” Binalingan siya ng tingin ni Menard. Ubod ng seryoso ang mukha nito na ang mga mata ay nakatitig sa kanya. Parang ito ang namroblema sa kanya.

“Ang lagay, nagbibiruan pala tayo rito?”

Nawalan ito bigla ng gana sa kinakain dahil hindi natuloy ang pagsubo nito ng tinapay. “Siguro nga man-hater ka.”

“Tigilan mo ako, Menardo. Hindi ako man-hater, okay? Marami akong kaibigang lalaki para malaman mo. Hindi lang ikaw.”

“Man-hater ka, ayaw mo lang aminin,” ulit nito. “Na-trauma ka sa ginawa ng father mo sa inyo.”

Hindi umimik si Trina.

“O, natahimik ka? Kasi totoo!” Pabagsak na binitiwang nito ang hawak na tinidor sa pinggan. Kumalansing iyon.

“Hindi nga, eh. Ang kulit mo naman!” Gusto na niyang batukan ang kaibigan. Kung maka-emote, wagas. “Pero tama ka, na-trauma ako sa ginawa niya sa amin. Ayokong maulit iyon kapag nagkapamilya

ako, kaya mas okay na lang na hindi na ako mag-asawa. At least, walang masasaktan. Walang mga anak na maaapi.”

Ginulo nito ang buhok. “Hindi lahat ng lalaki ay kagaya ng tatay mo. Unfair naman yata iyon.”

“Unfair na kung unfair. Pero hindi talaga ako mag-aasawa kahit kailan, promise.”

“Ewan ko sa iyo,” walang ganang usal nito. Ibinunton na lamang nito ang pagkaasar sa pagkain.



“Tita Kikay!”

Napalingon si Menard sa narinig na pangalang binanggit ni Trina. Sinenyasan naman ito ng dalaga na huwag maingay.

Hindi pa sila tapos magmerienda nang tumunog ang cellphone niya. As much as she wanted to avoid the dreaded caller, she knew she had to take her call sooner or later. Wala siyang ligtas sa tiyahin.

“Kumusta ang resulta sa interview mo sa embassy?” without much ado na tanong nito sa kanya.

“Denied ho ako.”

“Na naman?” Tumaas nang ilang nota ang boses

nito. Obvious na hindi nasiyahan. “Bakit daw?”

“Wala raw hong masyadong demand sa profession ko.” Food Technology ang tinapos niya. “Baka raw mahirapan akong makakuha ng trabaho pagdating ko riyan. Kahit daw ho suportado ninyo ako ay iniwasan ng gobyerno riyan na madagdagan na naman ang magiging dependent sa kanila.”

“Noong unang interview sa iyo, ang kalusugan mo ang may problema. Ngayon naman ang profession mo. Aba’y baka pinagloloako mo na ako niyan, Katrina?”

“Hindi ho! Gusto n’yo ho padalhan ko kayo ng kopya ng papeles ko?”

May nakitang gasgas sa x-ray sa lungs ni Trina, kaya siya na-deny ng embassy noong una. Kailangan niya ng certification mula sa mga manggagamot na affiliated sa *Embahada ng New Zealand* na magpapatunay na wala siyang dinadalang karamdaman pagpunta niya roon.

Wala siyang sakit na tuberculosis at kahit kailan ay hindi siya nagkasakit ng ganoon, pero ang markang nakita ay reaction ng immune system niya nang magkasakit siya noong bata pa siya. Sakitin kasi siya noon.

Natagalan bago siya nakakuha ng certification.

At nang makakuha naman siya ay panibagong rejection ang nakamit ng dalaga sa embassy.

“Tigilan na kaya natin ito, Tita? Ang laki na ng nagastos ninyo sa akin, wala namang nangyayari. Dito na lang ho ako sa 'Pinas. Okay naman ako rito,” lakas-loob na sabi niya.

“Ay, hindi maaari!” Lalong tuminis ang boses ni Tita Kikay. Halos mabasag ang eardrum niya. “Ano'ng gagawin mo riyan, eh, 'andito na kami lahat? Sino ang makakasama mo riyan?”

“Okay lang ho. Kaya ko naman ang mag-isa.”

“Naloloka ka na ba? Ngayon ay kaya mo dahil bata ka pa, malakas ka pa. Paano pagtanda mo? Kapag nagkasakit ka? Sino ang mag-aalaga sa iyo? Buti kung may pamilya ka at hindi ako mag-alala sa iyo.”

Tumirik ang mga mata ni Trina sa panenermon nito. “Matagal pa naman ho iyon, Tita. I'm only twenty-eight, still at the prime of my youth.”

“Whatever. Hindi ako papayag na maiwan ka riyan. Kung hindi mo maipasa ang lecheng interview, ako ang gagawa ng paraan para makalipat ka na rito.”

“Ano naman ho ang gagawin ninyo?” Napatirik

ulit ang mga mata niya sa kisame sa kakulitan ng tiyahin.

“Nagkausap na kami ni Otto and he’s agreed to marry you.”

“Ano ho?” Dumagundong sa loob ng coffee shop ang boses niya. Kamuntik pang mabuhusan ng iniinom na kape si Menard dahil nagulat.

“If this is the only way to make you come, so be it.”

“P-pero ayoko ho kay Otto! I am not going to marry that man!”

Naudlot ang pagsubo ni Menard sa tinapay. Napatingin ito sa kanya. Dinedma niya ito. Gusto niyang maglupasay sa inis.

“Ano ba ang ayaw mo sa kanya? He’s a good man, for goodness’ sake!” exasperated na usal ni Tita Kikay sa kabilang linya.

“Kahit pa ho siya si Superman, ayoko pa rin sa kanya! Hindi ako magpapakasal sa kanya, Tita, please.”

Halos ibagsak ng dalaga ang kamao sa ibabaw ng mesa sa sobrang inis. Pakialaman ba naman ang buhay niya? Todo na ito!

“Huwag maging matigas ang ulo, Katrina. Para

rin naman sa kabutihan mo ito, ah. Bakit ayaw mong intindihin? Lahat na lang ng sakripisyo ay ginawa ko na para lang sa ikabubuti ninyong magkakapatid. Pero ito pa ba ang igaganti mo sa lahat ng ginawa ko sa iyo?”

Gusto niyang magmura pero nagtimpi siya. Mas lalong lalabas na ingratang pamangkin si Trina kapag ginawa niya iyon.

Huminga muna siya nang malalim bago magsalita. Kailangan niyang kalmahin ang sarili. “Hindi ho sa ganoon, Tita Kikay. Napakalaki ng utang-na-loob namin sa inyo para pagmalakihan kayo. Pero sana, intindihin n’yo ako. Ayoko nga ho kay Otto!”

“Bakit ayaw mo? Wala ka namang boyfriend para mag-inarte ka pa!”

Napasulyap siya kay Menard. Patuloy ito sa kinakain pero panaka-nakang sumusulyap sa gawi niya. Napatigil ang pagsubo nito nang mahuli nitong nakatingin siya. Parang bigla ay may naramdaman itong panganib sa buhay nito.

“Sino naman ho ang may sabing wala akong boyfriend?” Kitang-kita niya ang pagmulagat ng mga mata ng lalaki.

“Sa wakas! Kailan pa? Akala ko ba ayaw mong



mag-boyfriend?” bulalas ng tiyahin.

“Wala ho akong magagawa. Na-in love na ho ako.” Pumikit siya. Ayaw niyang masalamin sa mga mata ni Menard ang pagsisinungaling niya.

“Himala! At sino naman ang mapalad na lalaki?”

Napamulagat si Trina. Nagtama ang mga mata nilang dalawa ng binata. Pinigilan niya ulit ang mapamura. “Hindi n’yo ho siya kilala.”

“Malamang. Wala ka namang binabanggit sa amin.”

“Pasensya na po.”

Narinig niyang bumuntong-hininga si Tita Kikay sa kabilang linya. Halatang nabigla ito sa balita niya.

“Alam mo, Hija,” malumanay na ang boses nito nang muling magsalita, “natutuwa ako na may boyfriend ka na. It’s about time you take a chance on love dahil kung hindi ngayon, kailan pa? I would like you to be happy, you know. And being with someone you love is the ultimate happiness one can get. You are such a lucky girl, after all.”

“Opo, salamat po.” Nakahinga siya nang maluwig. Sigurado siyang hindi na igigiit ng tiyahin si Otto. Libre na siya sa balak nitong arranged marriage.

“Ano ba’ng pangalan ng boyfriend mo? Taga-saan ba siya? Ano’ng trabaho? Paano kayo nagkakilala?”

*Nalintekan na!* Akala niya libre na siya. Hindi pa pala!

“M-Menard ho.” Nasamid sa iniinom na kape ang binata. Sunod-sunod ang ubong ginawa nito at halos mawalan ng kulay ang mukha.

Kinabog ni Trina ang likod nito upang lumuwag ang daanan ng hangin sa baga ng lalaki.

Natigil ito sa pag-ubo pero binigyan naman siya ng masamang tingin. Obvious na hindi ito natuwa sa ginawa niyang pagpapahamak dito.

*Sorry, Menard,* usal niya sa isip, sabay bigay ng peace sign dito. Pero mas lalo lang umasim ang mukha nito.

“Menard ba?” narinig niyang tanong ng tiyahin.

Ang lagay ay hindi pa pala tapos mag-interview sa kanya ang kausap sa telepono. Pusta niya, ibabalita nito kaagad sa mga kuya niya ang *good news*. Napangiwi siya.

“Opo. Binata po at negosyante.” Narinig niyang umungol ang *boyfriend* niya sa kanyang tabi, senyales ng pagkontra nito. Minabuti niyang huwag na lang pansinin ang pagmamaktol nito.

Mamaya na siya magso-sorry. Madali lang namang kausapin si Menard. Ipagluluto na lang niya ito ng masarap na pagkain.

“Good, good. Hindi ka naman pala gugutumin niyan sa oras na ikasal na kayo.”

“Uhm...” Namula siya sa narinig. Hindi kasi umabot sa *pagpapakasal* ang wild imagination ni Trina.

“O, bakit? May problema ba? Wala ba siyang balak na pakasalan ka?” Nakahalata yata si Tita Kikay na masahol pa sa talas ng *National Aeronautics and Space Administration* ang radar na taglay.

“M-meron po! Pinaplano na nga po namin.”

“That’s good. I want to meet that man.”

Napalunok ang dalaga. Buti na lang kada limang taon kung umuwi ng bansa ang tiyahin niya. May panahon pa para hindi siya mapasubo rito. “O-o-ho. Sasabihin ko po sa kanya pagdalaw n’yo dito.”

# Chapter Three

“Kamag-anak mo ba si Ninoy Aquino?” tanong ni Menard kay Trina.

Nasa isang sulok ito ng coffee shop at abala sa dalang laptop habang nagkakape. Nagkalat ang mga papel nito sa mesa, halatang may ginagawang transaction sa negosyo.

Sunod-sunod din ang kausap nito sa cellphone.

“Bakit?”

“Kanina ka pa nakapangalumbaba. Puwede mo nang palitan iyong sa five hundred.”

Hindi akalain ni Trina na pinagmamasdan din

pala nito ang pangangalumbaba niya sa harapan ng kaha. Inalis niya ang mga kamay sa panga. Nangangawit na nga rin ang dalaga sa posing niya.

Nagtimpla siya ng kape at bitbit ang tasa ay lumapit siya sa puwesto nito. Naupo siya sa bakanteng upuan.

Nasilip niya ang ginagawa ng lalaki sa laptop bago nito nai-off iyon. Bagong design ng mga produkto nitong lampshade na pinaghalong abaca at metal ang materyal.

“Bagong order?”

“Humingi ng sample ang Canada. Baka may magustuhan. Ipagdasal mong umorder, iti-treat kita.”

“Wow, like ko iyan!” Pumalakpak pa siya sa tuwa.

“Sa wakas, ngumiti rin. Malapit nang sumayad ang nguso mo sa lupa, ah.” Isinuksok ni Menard ang laptop sa leather briefcase at ang mga sinalansang papel.

Muli siyang napasimangot sa sinabi nito. “Si Tita Kikay kasi, ang sakit sa ulo! Ayaw akong tantanan!”

“Bakit na naman? Di ba nagkausap pa lang kayo noong isang linggo? Pati nga ako dinamay mo pa.”

“Nag-sorry na ako sa iyo, di ba? Pero iyon na nga ang problema ko mismo. Hindi ko na alam kung ano ang gagawin ko. Magbigti na kaya ako?”

“Uy, anong kabaliwan iyan, ha?”

“Uwi kasi si Tita Kikay next month.” Gustong humagulgol ni Trina sa bigat ng problema niya. “At kasama niya si Otto.”

“O, bakit daw?” Natigil ito sa pagliligpit. “Ipapakasal ka pa rin doon? Akala ko ba boto ang tiyahin mo sa *boyfriend* mo? Anyare?”

Nginiwian niya ang pang-ookray nito. “Biglang nagduda. Ewan ko ba! Uwi raw siya rito para makilala ka, este, ang boyfriend ko.”

Nag-iba bigla ang kulay ng mukha ni Menard sa sinabi niya. Parang natuyuan ito ng dugo dahil nagkulay-talong ito. Hindi na rin nito magawang isara ang nakabukang bibig.

“Kapag nagustuhan niya, ipapakasal na raw niya tayo, este, ako sa boyfriend ko bago siya bumalik ng New Zealand. Pero kung hindi, ipapakasal niya ako kay Otto. Kaya kasama niya ang kumag na iyon next month!”

“Patay!” Walang nagawa ang pobreng kaharap

kundi ang batukan ang sarili.

“Paano na ito?” Hiyang-hiya rito si Trina pero wala naman siyang magawa. Hilong-talilong na siya sa kaiisip kung paano malulusutan ang problema, pero wala pa rin siyang nakikitang solution.

Ayaw niyang mag-wish ng bagyo, lindol o tsunami mapigilan lang ang pagdating ng tiyahin, pero kung maaari lang sanang malipat ng ibang lugar ang Pilipinas upang hindi sila matunton nito!

“Gawan mo ng paraan. Ayokong mapahamak kay Hitler!” Parang kinuto bigla ang ulo nito sa pangangamot. Kaunti na lang at puwede nang manginig sa takot ang duwag na Menardo.

“Tulungan mo kaya ako, hindi iyong ikaw pa yata ang mauunang maging hysterical kaysa sa akin.” Itinaas niya sa bibig ang tasa ng kape at uminom.

“Anong tulong? Bahala ka, solusyonan mong mag-isa ito. Ikaw ang may kasalanan ng lahat ng ito. Kung hindi dahil sa iyo, wala sana akong problema ngayon.”

“Akala ko ba kaibigan kita? Ba’t ngayon ganyan ka? Hindi ka man lang ba naawa sa kalagayan ko ngayon?”

Hindi nakaimik si Menard sa panunumbat ni Trina, halatang na-guilty ang binata kaya tinodo na niya ang pag-e-emote.

“Ikaw kaya ang lumagay sa katayuan ko? Ano kaya ang gagawin mo kung ipapakasal sa taong hindi mo naman gusto? Papayag ka ba?”

Humugot ito ng malalim na hininga, sabay gulo ng buhok. “O siya, huwag mo na akong dramahan. Ano’ng gagawin natin ngayon? Magpapakasal?”

“Puwede ba, huwag mo nang haluan ng kalokohan ang problema natin?” Wala mang halong malisya ang sinabi nito, namula pa rin siya.

Gustong magtaka ni Trina sa sarili. Biglaan lang iyon at hindi niya kayang ipaliwanag kahit sa sarili ang pag-iinit ng mukha.

“Binigyan na nga kita ng solution, nagrereklamo ka pa. Ano ba talaga ang gusto mo?” pikong tugon nito.

Binigyan niya ng pitiful eyes ang lalaki. At epektibo iyon dahil hindi ito nakatiis.

“Okay, ano’ng balak mong gawin ngayon? Alangan namang magkukunwari tayong sweet pagdating ng tita mo? Sa talas ng radar niya,



siguradong mabubuking tayo. Kung gusto mo ngayon pa lang, mag-break na tayo?”

“Sira-ulo! Magseryoso ka nga!”

Bumuntong-hininga ito sa kawalan ng maisip na solusyon. “Bahala na.”

Tinampal niya ito sa balikat. “Ayoko ng bahala na. Kailangang paghandaan natin ang pagdating ni Tita Kikay! Hindi ako papayag magpakasal kay Otto kahit na ano’ng mangyari!”

“Pakasal ka na lang kay Otto.”

Nabatukan tuloy ni Trina ang kausap.



“May naisip na akong solusyon!”

Masiglang sinalubong ni Trina si Menard sa pinto ng coffee shop niya bago ito makapasok sa loob kinabukasan upang mag-almusal.

Nag-walk out ito nang nagdaang araw nang batukan niya. Napikon na kasi siya rito. Hindi na nga nakakatulong sa kanya, inookray pa siya.

Pero siya ang nagulat nang walang sabi-sabing iniwan siya nito sa shop. Akala niya ay nagbibiro lang ang lalaki, pero nang makalipas ang ilang

minutong hindi pa ito muling bumabalik ay kinabahan na siya.

Nag-text siya sa lalaki at tinanong kung saan nagpunta, pero hindi ito nag-reply sa kanya. Pinalipas niya ang isang oras bago niya tinawagan ang kaibigan. Ngunit kung hindi busy ang phone ay out of coverage area naman.

Doon niya napagtanto na nagalit na ito sa kanya, kaya lalo siyang natuliro. Sa tagal na nilang magkaibigan ay ngayon lang sila nagkasamaan ng loob at hindi pa sinasadya ni Trina ang kasalanang nagawa.

Whatever. Pero guilty na guilty siya. So she texted him again saying *sorry na*. Pero dinedma lang nito ang effort niya. Hindi tuloy siya nakatulog magdamag.

Pero blessing in disguise din siguro na nagalit ang kaibigan sa kanya dahil mas lalo siyang napuwersang mag-brainstorm ng solution sa kanyang dilemma.

And with her brilliant idea, makakaligtas din si Menard sa nakambang kapahamakan.

Kaya naman kahit hindi nakatulog magdamag ay energetic pa rin siya pagdating ng umaga. Buhay na buhay ang buong kalamnan ni Trina.

And she couldn't wait to share the good news to her friend. Plano niyang dalhan ito ng almusal sa bahay, pero saved by the bell siya dahil sumulpot pa rin ito ng coffee shop niya.

“Puwede ba, Trina, tigilan mo na iyang kalokohan mo?” nakasimangot na usal ni Menard. Pero tuloy-tuloy ito sa loob at naupo sa paboritong puwesto. Tinawag nito ang crew niya at humingi ng makakain. “Mag-aalmusal ako. Huwag mong sirain ang appetite ko, okay?” baling nito sa kanya.

*Galit nga*, usal niya sa sarili. Pero hindi siya pinanghinaan ng loob. Tiyak niyang malulusaw ang sama ng loob nito sa kanya sa oras na malaman kung ano ang kanyang plano.

“Sorry na, bati na tayo, please?”

Binigyan lang siya nito ng masamang tingin.

“Ipinaghanda pa naman kita ng espesyal na almusal ngayong araw. It's on the house, actually.”

Nag-iba kaagad ang timpla ng mood ng lalaki. “Di nga?”

“Sabi ko na nga ba!” palatak ni Trina. “Teka at ipapahanda ko lang sa kusina.” Tinawag niya ang isang crew at inutusang palitan ang in-order nitong

almusal.

Hindi nagtagal ay hinatiran na ng pagkain si Menard. Napa-wow ito sa nakita. “Totoo ba ito?”

“Of course! Ako mismo ang nagluto niyan.” Fried tinapa rice, fried bangus belly na super kapal ang taba, acharang papaya, fresh pineapple slice, brewed coffee at fresh mango juice.

“Kinakabahan ako, parang bibitayin ako nito pagkatapos.” Natatakam na tinikman nito ang sinangag niya. “Sarap, ah.”

“Siyempre, para sa iyo, eh.”

“Sige, pinapatawad na kita. Sana araw-araw ganito,” nakangising usal nito bago muling sumubo.

“Ngayon lang iyan dahil may kasalanan ako sa iyo. At may good news na rin.”

“Nagkaayos na kayo ni Tita Kikay?”

Umiling siya. “Hindi pa rin. Pero may naisip na akong solution. Tiyak na effective ito.”

“Ows? Ano naman kaya iyon?”

“Naalala mo iyong kuwento ko sa iyong kaklase ko sa kolehiyo? Iyong marunong manggayuma?”

“Gamit ang wee-wee?” Sinipat ni Menard ang

hawak na baso ng mango juice at sabay napangiwi.

“Sira-ulo!”

Tinawanan lang siya nito bago nilagok ang inumin.

“Balak kong puntahan siya. Na-search ko siya sa *Facebook* kaso hindi ko mahanap. Pero nakuha ko iyong address niya sa yearbook namin.”

Natigil ang pag-inom nito. “Bakit? Sino’ng gagayumahin mo?”

“On the contrary, hihingi ako sa kanya ng pangontra sa gayuma. Baka this time ay umepekto na kay Otto. Tatantanan na niya ako. Siyempre hindi naman siya maaaring pilitin ni Tita na pakasalan ako kung hindi na siya in-love sa akin, di ba?”

“Oo, at sa akin ka niya ipapakasal. Remember, ako ang *boyfriend* mo.”

“Ganito kasi ang naisip ko. Mabuking man tayong dalawa kung umepekto na ang pangontra kay Otto, wala na ring magagawa si Tita Kikay.”

Imbis na matuwa ay bumalik lang ang inis ni Menard. Nanggigigil na hiniwa nito ang tiyan ng bangus. “Tantanan mo na nga iyang kalokohan mo. Hindi nga totoo iyang mga gayuma. Inlababo sa iyo

si Otto, okay? At hindi dahil sa mga gayuma.”

“Puwede ba? Huwag na tayong magtalo? Nakapagdesisyon na ako. Kailangan kong maalis ang talab ng gayuma sa kanya. Magpapakamatay na lang ako kaysa ang magpakasal sa kanya.”

“Alam mo, ang da best na gawin mo ay kausapin mo nang masinsinan ang tiyahin mo at si Otto pagdating dito. Lay down your cards and do not hold back anything. Impossible namang hindi ka maintindihan ng dalawang iyon. Hindi ka puwedeng pilitin kung ayaw mong tumira sa New Zealand at mas lalong hindi ka maaaring piliting magpakasal kung ayaw mo.”

“Iyon din sana ang balak kong gawin. Kaso binalaan ako ni Tita Kikay na kapag sinuway ko raw siya ay magkalimutan na kami. Sa tingin mo, may lakas pa ako ng loob na kausapin siya?”

Napailing si Menard. “Alam mo, ang sarap sana nitong almusal ko kaso inuna mo na ang *dessert*. Nakakawalang gana na tuloy.”

“Malay ko bang ayaw mo sa idea ko? Pinag-isipan ko pa naman ang bagay na iyon nang maigi.

Napalatak ito. “Sa lagay na iyon, talagang nag-effort ka pa, ha?”

Si Trina naman ang napabuntong-hininga. “Epic fail pa rin pala ako.”

“Huwag mo na ngang dibdibin iyan. Hayaan mo, kokontakin ko sa probinsya si Magdalena.”

“Sino iyon?”

“Ang sikat na albularyo sa probinsya namin.”

Nanlaki ang mga mata niya. “Marunong siyang manggayuma?”

Natawa sa kanya si Menard. “Ipapakulam natin si Otto para tigilan ka na.”

“Ay naku, ayoko ng ganyan!” Sunud-sunod na iling ang ginawa ng dalaga. Takot lang niyang mag-boomerang ang epekto ng kulam sa kanya.

“Joke lang. Hihingi tayo ng pangontra sa gayuma.”

Natigilan siya. “Akala ko ba, hindi ka naniniwala sa gayuma? Anyare?”

“Hindi nga, pero sasakyan na lang kita.”

Di makapaniwalang tiningnan niya ito. “Inookray mo lang yata ako.”

“Totoo ito. Kahit magtanong ka pa sa amin, kilalang-kilala si Magdalena. Magaling kasi iyon.

Sigurado akong matutulungan ka niya.”

“OMG!” Kung hindi lang nakakahiya ay nayakap na ni Trina nang wala sa oras ang binata. “Salamat, Menard. Promise, libre na ang snacks at breakfast mo sa akin araw-araw.”

“Iyan ang da best!”